

Short Form Consent to Participate in a Research Study

Dana-Farber/ Harvard Cancer Center (DF/HCC)
BIDMC/BWH/BCH/DFCI/MGH/Network Affiliates



version: 01/21/19

Numero ng Protokol: _____

Pangalan ng Pangunahing Tagapagsiyasat:

Pangalan ng Sumasang-ayong Tagapagsiyasat:

Ang ibig sabihin ng “kayo” sa dokumentong ito ay ang kalahok sa pananaliksik. Tumutukoy din ito sa taong binigyan ng pahintulot na magbigay ng pahintulot sa paglahok ng subject sa pananaliksik na pag-aaral na ito.

Pahintulot na Lumahok sa isang Pananaliksik na Pag-aaral

Pinapalahok kayo sa isang pananaliksik na pag-aaral. Boluntaryo ang pagsali sa lahat ng pananaliksik. Kayo ang magpapasya kung sasali kayo sa pananaliksik na ito o hindi. Mangyaring huwag magmadali sa pagpapasya, at pag-usapan ito kasama ng inyong mga kapamilya at kaibigan.

Bago kayo sumang-ayon lumahok, dapat sabihin sa inyo ng tagapagsiyasat ang mahahalagang impormasyon tungkol sa pag-aaral, kabilang ang:

- 1) Mga layunin, proseso, at tagal ng pananaliksik;
- 2) Anumang prosesong sinusubukan pa lang;
- 3) Anumang inaasahang panganib, kawalan ng ginhawa, at benepisyo ng pananaliksik;
- 4) Anumang alternatibong proseso o paggamot na maaaring makabuti; at,
- 5) Paano pananatilihin ang pagiging kumpidensyal at kung paano poprotektahan ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan at kung ang iyong personal na impormasyon at/o mga biospecimen na kinolekta sa panahon ng pag-aaral na ito ay itatago at gagamitin para sa pananaliksik sa hinaharap.

Kapag naaangkop, dapat din sabihin sa inyo ng tagapagsiyasat ang tungkol sa:

- 1) Anumang makukuhang bayad-pinsala o medikal na paggamot kung magkakaroon ng pinsala sa katawan;
- 2) Posibilidad ng pagkakaroon ng mga hindi inaasahang panganib;
- 3) Mga pagkakataon kung saan maaaring itigil ng tagapagsiyasat ang paglahok;
- 4) Anumang karagdagan gagastusin mo;
- 5) Mangyayari kung mapagpasyahan mong tumigil sa paglahok;
- 6) Panahon kung kailan sasabihin sa inyo ang tungkol sa mga bagong matutuklasan na maaaring makaapekto sa kagustuhan mong lumahok;
- 7) Dami ng taong lalahok sa pag-aaral;
- 8) Kung gagamitin ba ang mga biospecimen para sa pangkomersiyong pakinabang at kung maaari kang makibahagi sa pakinabang na ito;

Short Form Consent to Participate in a Research Study

Dana-Farber/ Harvard Cancer Center (DF/HCC)
BIDMC/BWH/BCH/DFCI/MGH/Network Affiliates

version: 01/21/19

- 9) Kung magiging kasama ba sa pananaliksik ang whole genome sequencing;
- 10) Kung ibabalik ba sa inyo ang mga resulta ng pananaliksik na may medikal na kahalagahan; at,
- 11) Para sa mga klinikal na pagsubok: Magkakaroon ng paglalarawan sa klinikal na pagsubok na ito sa www.ClinicalTrials.gov, gaya ng inaatas ng Batas ng U.S. Hindi maglalaman ang Web site ng impormasyong maaaring makapagpakilala sa inyo. Ang maaari lang maging laman ng Web site ay isang buod ng mga resulta. Maaari kayong maghanap sa Web site na iyon anumang oras.

Kung sumasang-ayon kayong lumahok, bibigyan ko ng nalagdaang kopya ng dokumentong ito at isang kopya ng form ng pahintulot para sa pag-aaral na nasa wikang Ingles.

Maaari kayong makipag-ugnayan kay _____ sa _____ anumang oras kung may mga tanong kayo tungkol sa pag-aaral o kung magtatamo kayo ng pinsala sa katawan na nauugnay sa pananaliksik.

Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Office for Human Research Studies ng Dana-Farber Cancer Institute sa numero ng telepono na (617) 632-3029 kung may mga tanong kayo tungkol sa mga karapatan ninyo bilang subject sa isang pananaliksik.

Kusang-loob ang inyong paglahok sa pananaliksik na pag-aaral na ito, at hindi kayo pagmumultahin o mawawalan ng benepisyo kung tatanggi kayong lumahok o kung mapagpasyahan ninyong tumigil.

Ang paglagda sa dokumentong ito ay nangangahulugang inilarawan sa inyo nang pasalita ang tungkol sa pananaliksik na pag-aaral, kabilang ang impormasyong nabanggit sa itaas, at na kusang-loob kayong sumasang-ayong lumahok:

Dokumentasyon ng Pagsang-ayon

Lagda ng kalahok na may edad 10 hanggang 18: Ipinaliwanag sa akin ng taong nagsasagawa sa pananaliksik na pag-aaral na ito kung ano ang mangyayari sa akin kung sasali ako sa pananaliksik na pag-aaral na ito. Ang ibig sabihin ng pirma ko sa ibaba ay gusto kong maging bahagi ng pananaliksik na pag-aaral na ito. Maaari akong magpasyang hindi sumali sa pananaliksik na pag-aaral na ito kung hindi ko gusto at walang mangyayari sa akin kung magpapasya akong hindi ko gustong sumali.

Short Form Consent to Participate in a Research Study

Dana-Farber/ Harvard Cancer Center (DF/HCC)
BIDMC/BWH/BCH/DFCI/MGH/Network Affiliates

version: 01/21/19

Lagda ng Kalahok

Petsa

Dokumentasyon ng Pagsang-ayon:

Lagda ng Kalahok
O Kinatawang Pinapahintulutan ng Batas

Petsa

Kaugnayan ng Kinatawang Pinapahintulutan ng Batas sa Kalahok

Isa Pang Lagda ng
Kinatawang Pinapahintulutan ng Batas

Petsa

Kaugnayan ng Isa Pang Kinatawang Pinapahintulutan ng Batas sa Kalahok

Lagda ng Interpreter/Saksi

Petsa